

## UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES HEALTH SERVICE

### GABAY SA PAGLILINIS AT PAG-DISINFECT NG MGA OPISINA

Ang pagdi-disinfect ay isang proseso o paraan nang pagtanggap ng mga mikrobyo upang hindi ito maging sanhi ng pagkakasakit ng mga tao. Para maging epektibo, kinakailangan na ang mga gamit at ibabaw (surface) ay nalinis muna nang mabuti gamit ang tubig at sabon. Pagkatapos nito, isusunod ang pag-disinfect gamit ang sodium hypochlorite (Zonrox para sa puti).

Sa pag-disinfect ng mga dingding, muebles at equipment, ang tamang sukat ay 1:100 ng sodium hypochlorite (Zonrox). Ibig sabihin, sa bawat 100 baso ng tubig ay magdadagdag ng isang (1) basong Zonrox. Sa pag-disinfect ng sahig, ang sukat ay 1:10 dilution, o sa bawat 10 baso ng tubig ay magdadagdag ng isang baso ng Zonrox.

Narito ang mga steps sa paglilinis at pag-disinfect.

1. Tanggalin ang mga beddings, kurtina at anupamang labahin. Ilagay sa plastic bag at dalhin sa laundry.
2. Simulan ang paglilinis gamit ang maligamgam na tubig + detergent solution. Sundan ito ng 10 ml Zonrox solution + 99- ml tubig. Linisin ang mga curtain rods, frames ng bintana, upuan at electric fans.
3. Linisin ang mga dinding magmula sa itaas pababa.
4. Linisin ang kama (una: warm water + detergent solution, at sundan ng Zonrox solution.
5. Linisin ang mga furniture (lockers, la mesa, upuan, etc.)
6. Linisin ang toilet (lababo, salamin, toilet bowl, door handle)
7. Linisin ang sahig gamit ang Zonrox solution (100 ml Zonrox + 900 ml tubig). I-mop mabuti ang sahig pagkatapos bigyan ng 30 minutes contact time.
8. Banlawan ang mop head. I-mop muli ang sahig gamitin ang malinis na mop head.
9. Pagkatapos maglinis: tanggalin ang mop head at hugasan ito sa isang timba na may sabon at tubig.
10. Maghugas maigi ng kamay sa tubig at sabon. Tuyuin.
11. Buksan ang mga bintana at isara ang pinto.